

# Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-2 Mayo 2022

## S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

### Bumuti ang mga kundisyon ng negosyo sa pinakamabilis na rate mula noong Nobyembre 2017

#### Mga pangunahing nalaman

Mga pinakamalakas na pagtaas sa output at mga bagong order mula noong huling bahagi ng 2018

Lumawak ang input stocks sa pinakamabilis na rate sa loob ng mahigit limang taon

Nananatiling matindi ang mga pressure sa inflation

Naranasan ng sektor ng pagmamanupaktura ng Pilipinas ang pinakamatinding pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa loob ng mahigit apat na taon noong Abril, habang nakapagpakita ang bansa ng higit pang senyales ng pagbangon mula sa pinakabagong wave ng impeksyong COVID-19. Nakabenepisyo ang sektor mula sa mga mas mabilis na upturn sa output at mga bagong order sa pagluwag ng mga paghihigpit na may kaugnayan sa pandemya. Bukod pa rito, nagbunsod ang mas matinding client demand ng isa sa pinakamabilis na akumulasyon ng mga imbentaryo sa pre-production na naitala.

Kasabay nito, ang presyo ng input at rate ng inflation ng singil sa output ay nanatiling mataas, kung saan ang mga rate ng pagtaas ay bumagal lang nang kaunti mula sa mga pinakamataas na naitala na nakita noong Marso.

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay tumaas sa 54.3 noong Abril mula sa 53.2 noong Marso, na nagtatala sa ikatlong magkakasunod na buwan kung saan ang headline figure na naitala ay mas mataas sa walang pagbabagong 50.0 na puntos na naghihiwalay sa expansion at contraction. Dagdag pa rito, ang pinakahuling naitala ay ang pinakamataas mula noong Nobyembre 2017 at nagpapahiwatig ng matinding pagbuti sa pangkalahatang mga kundisyon ng pagpapatakbo.

Ang output at mga bagong order ay tumaas sa ikatlong magkakasunod na buwan noong Abril, kung saan ang mga kaukulang rate ng paglaki ay parehong bumilis mula Marso at naging pinakamabilis mula noong Nobyembre 2018. Nagpapakita ang mga pahayag na ang mas maluwag na mga paghihigpit kaugnay sa pandemya ay nakatulong sa mga kamakailang upturn sa demand ng customer at mga iskedyul ng produksyon.

Gayunpaman, bumaba ang demand mula sa mga international market sa loob ng ikalawang magkasunod na buwan. Iniulat na nahahadlangan ng pananakop ng Russia sa Ukraine, mas mahal na mga bayarin sa pagpapadala, at mga limitasyon dahil sa pandemya ang mga bagong order sa pag-export.

Kasabay nito, ang mga kakulangan sa raw material at pagkaantala sa transportasyon ay nagresulta sa patuloy na paghaba ng mga average na tagal ng paghahatid ng mga supplier. Gayunpaman, ang sukdulang panahong itinagal ng mga lead time para sa mga

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.

Ang data ng Abril 2022 ay nakolekta noong 11-22 Abril 2022.

#### Komento

*Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global, na:*

*"Dahil sa mas maluwag na mga paghihigpit kaugnay ng pandemya, lubos na bumuti ang mga kundisyon sa pagpapatakbo sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa simula ng pangalawang quarter.*

*"Dahil sa paglakas ng demand ng client, lumawak ang output at mga bagong order sa mga rate na hindi nakita sa loob ng mahigit tatlong taon. Dagdag pa rito, ang mga positibong pagtataya ay nagresulta sa patuloy na pagtaas sa mga stock ng mga input, kasabay ng proseso ng pagbangon ng sektor.*

*"Bagama't dumami ang output noong Abril, ang mga pandaigdigang pagbagsak, partikular dahil sa digmaan sa pagitan ng Russia at Ukraine at mga lockdown sa China, ay nagresulta sa karagdagang pressure sa mga supply chain. Dagdag pa rito, bahagya lang na bumagal ang rate ng inflation ng gastusin sa input mula sa pinakamataas na naitala noong Marso, na magresulta sa isa pang matinding pagtaas sa mga presyo sa pagbebenta.*

*"Bagama't nagagawa pang suportahan ng pagtaas ng demand ng client ang pagbangon, magiging mahalagang makita kung paano mapapanatili ang patuloy na pag-unlad kasabay ng mga nagpapatuloy na pagkaantala sa supply chain at matinding pagtaas ng mga gastusin."*

PMI®


by S&P Global

input ay ang pinakahindi malubha sa loob ng halos dalawa't kalahating taon.

Ang pagtaas ng demand ng customer at pagdami ng mga kinakailangan sa produksyon ay nagresulta sa higit pang pagtaas sa aktibidad sa pagbili noong Abril. Kapansin-pansing ang rate ng pagtaas ay ang pinakamabilis sa loob ng mahigit tatlong taon. Kasabay nito, dinagdagan ng mga firm ang hawak nilang mga raw material at semi-finished na item. Dagdag pa rito, ang rate ng pag-ipon sa mga stock ng mga input ay bumilis sa isa sa pinakamabilis na rate na nakita mula noong nagsimula ang survey noong Enero 2016.

Ang dami ng trabahong kailangang gawin (ngunit hindi pa kumpleto) ay patuloy na bumaba ulit noong Abril. Ayon sa ilang kumpanya, nakatulong sa kanila ang pagtaas sa produksyon na magproseso at magkumpleto ng mga order. Samantala, nagpapahiwatig ang datos noong Abril sa pagkakaroon ng estabilidad ang bilang ng mga manggagawa sa sektor ng pagmamamunipaktura sa Pilipinas. Ayon sa kamakailang survey, ang pagbuti sa aktibidad ng ekonomiya ay hindi nagdulot ng pagbabago sa pagtatrabaho, na nagwakas sa 25 buwang panahon ng pagbabawas ng trabaho. Gayunpaman, naging malawakan ang mga iniulat na mga pagbibitiw ng manggagawa, kadalasan ay dahil sa pandemya, na nakaapekto sa mga kakayahan ng mga kumpanya na dagdagan ang bilang ng mga tauhan sa pangkalahatan.

Panghuli, tumaas ang kumpiyansa sa negosyo patungkol sa 12 buwang inaasahan sa output sa pinakamataas na naitala sa loob ng apat na buwan noong Abril. Nakaambag ang mas maluwag na mga hakbang sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19 sa mga pagtataya ng mas malalakas na kundisyon ng demand at pagtaas ng output sa mga paparating na buwan.



Sources: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

## Makipag-ugnayan

Maryam Baluch  
 Ekonomista  
 S&P Global  
 T: +44-13-4432-7213  
[maryam.baluch@spglobal.com](mailto:maryam.baluch@spglobal.com)

Joanna Vickers  
 Corporate Communications  
 IHS Markit  
 T: +44207-260-2234  
[joanna.vickers@spglobal.com](mailto:joanna.vickers@spglobal.com)

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa [katherine.smith@spglobal.com](mailto:katherine.smith@spglobal.com). Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

### Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamatin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayaos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa [economics@ihsmarkit.com](mailto:economics@ihsmarkit.com).

### Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatog ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay sa mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatog ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.